- Ipinapahintulot lamang ang militar o pulis sa loob ng botohan kung sila ay boboto at kung ipinatawag ng Chairman ng Board of Election Inspectors (BEI) para magpanatili ng kapayapaan at kaayusan. (OEC Section 232)
- Ipinagbabawal ang paggamit ng gusaling pag-aari ng kandidato bilang polling precinct o lugar ng botohan.
- Ipinapahintulot lamang ang mga lugar na itinalaga ng COMELEC tulad ng paaralan bilang presinto o pampublikong lugar ng botohan. (OEC Section 154, 155)
- Ipinagbabawal ang pagkakaroon ng perya, sabong, boksing, karera ng kabayo, at jai alai, lalo na ang mga fund-raising na kaganapan. (OEC Section 97)
- Ipinagbabawal ang pagsisante o pagtanggal sa trabaho o pagpapaalis sa nangungupahan ng sinuman ng dahil lamang sa di pagboto sa pinangangampanyang kandidato (coercion o threat). (OEC Article 21 Section 261 [e])
- Ipinagbabawal ang pangangampanya sa araw ng botohan, tulad ng pamimigay ng sample ballot (OEC Section 261 [cc] [6])
- Ipinagbabawal ang paggamit ng kaban ng bayan at mga pag-aari ng pamahalaan (tulad ng sasakyan, opisina, kuryente, atbp.) sa pangangampanya at sa anumang partisan na interes. (OEC Section 261 [o])

**Christian Convergence for Good Governance**

# 62 Molave St., Project 3, Quezon City
Tel. #: 911-3857 email: ccgg_inc@yahoo.com

# Pandaraya sa Halalan

## Alam ba ninyo may ipinagbabawal at ipinapahintulot na gawin sa panahon ng halalan?



# Sa Panahon ng Kampanya

- Ipinagbabawal ang pagdikit ng poster kung saan-saang lugar tulad ng pader, poste ng kuryente, at puno.

- Ipinapahintulot lamang ang pagdikit ng poster sa "common poster area" na itinalaga ng COMELEC at sa mga pribadong gusali na may pahintulot ng may-ari. (OEC Section 82)

- Ipinagbabawal ang paglabas ng anumang lathalain na sumu-suporta o naninira sa isang kandidato na di nakasulat ang pangalan at adres ng nag-imprinta at nagbayad. (OEC Section 83)

- Ipinagbabawal ang sobrang paggamit ng pera. Ipinapahintulot lamang ang paggamit ng hanggang P3.00 para sa bawat botanteng nakarehistro. (RA 7166 Section 13)

- Ipinagbabawal, simula 45 days bago halalan hanggang sa araw mismo ng halalan, na mag-donate, magbigay ng kontribusyon o regalo, o magpatayo o magpaayos ng anumang istruktura ang kandidato, kanyang asawa at kamag-anak, campaign manager, o ahente ng kandidato.

- Ipinapahintulot lamang ang regular na abuloy at ikapu sa simbahan at mga perang ibinibigay sa mga iskolar na nagsimula bago pa man ang panahon ng halalan. (OEC Section 104)






- Ipinagbabawal ang pagtanggap ng kontribusyong pinansyal o anuman mula sa mga dayuhan, mga pampubliko at pribadong institusyong pinansyal, miyembro ng Serbisyo Sibil, at Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

- Ipinapahintulot ang mga bulontaryong serbisyong indibidwal at pagpa-pagamit ng kusa ng mga indibidwal ng kanilang pribadong lugar para sa mga kandidato. (OEC Section 81)

- Ipinagbabawal ang pagdadala ng mga baril sa labas ng bahay ng pribadong indibidwal o kahit miyembro ng pulis at military (gun ban). (OEC Section 261 [q]; RA 7166 Section 32)

- Ipinagbabawal ang pagkuha ng pribadong pulis, special agent, o confidential agent. Ipinapahintulot lamang ang mga pulis o special agent ng mga pulitiko na naitalaga bago pa man ang halalan at may pahintulot mula sa COMELEC. Ang listahan ng mga pangalan ay dapat naibigay sa COMELEC. (OEC Section 261 [m]); (RA 7166, Section 33)

# Sa Panahon ng Botohan

- Ipinagbabawal ang pagpasok ng mga miyembro ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas tulad ng pulis at militar sa loob ng lugar ng botohan o polling precinct. Sila ay dapat nasa layong di bababa sa 50 metro mula sa polling precinct.